Mensahe Sampu

## Namumuhay ng isang Makadiyos na Buhay

Babasahin sa Kasulatan: Kaw. 29:18a; 23:23; 20:27; 4:23; 10:12b; 17:9

**I. "Kung saan walang pangitain, nagpapabaya ang taong-bayan"—Kaw. 29:18a:**

A. Sa Biblia ang *pangitain* ay tumutukoy sa isang di-pangkaraniwang pangyayari; tumutukoy ito sa isang espesyal na uri ng pagkakita—isang maluwalhati, panloob na pagkakita—at sa espiritwal na pangyayari na nakikita natin mula sa Diyos—Ezek. 1:1, 4-28; Dan. 7:1, 9-10, 13-14.

B. Upang magkaroon ng isang pangitain, kailangan natin ng pahayag, liwanag, at paningin—Efe. 1:17-18a.

C. Pinamamahalaan tayo, nililimitahan tayo, kinokontrol tayo, pinangungunahan tayo, ipinrepreserba tayo, pinapabago tayo, pinananatili tayo sa tunay na kaisahan, at binibigyan tayo ng kalakasang-loob na magpatuloy ng makalangit na pangitain—Kaw. 29:18a.

D. Kapag nakita natin ang pangitaing ito, ang ating buong panloob na katauhan ay may isang panloob na pagbaling, at nababago tayo sa ating kaisipan, konsepto, at saloobin.

E. Inuudyukan tayo, pinalalakas tayo, tinatanganan tayo, binibigyan tayo ng pagtitiis, dinadala tayo sa napapanahong pagkilos ng Panginoon, at sinasanhi ang ating buhay na maging punô ng kahulugan at layunin ng makalangit na pangitain —Heb. 1:8; 12:1-2; Efe. 3:11; 2 Tim. 1:9; 3:10; Apoc. 1:9; 3:10.

F. Bawat isa na naglilingkod sa Panginoon ay dapat maging taong may pangitain; ang panloob na pangitain ang magbabago sa paraan ng ating paglilingkod sa Panginoon—Gawa 26:13-19; Roma 1:9.

G. Sa ilalim ng makalangit na pangitain ay napangungunahan tayo tungo sa hantungan ng Diyos, at ang ating buhay ay nakokontrol ayon sa ekonlmiya ng Diyos—Fil. 3:13-14; 1 Tim. 1:4.

H. Ang namamahalang pangitain sa Biblia ay ang Tres-unong Diyos na isinasagawa ang Kanyang sarili sa Kanyang pinili at tinubos na bayan upang tigmakan ang kanilang buong katauhan ng Dibinong Trinidad para sa pagbubunga at pagtatayo ng Katawan ni Kristo na napapasukdol sa Bagong Herusalem—Efe. 4:4-6; Apoc. 21:2, 9-10.

**II. "Bumili ka ng katotohanan, at huwag itong ipagbili"—Kaw. 23:23a:**

A. Ang katotohanan ay isang bagay na kailangan nating bilhin, isang bagay na may halaga—b. 23a:

1. Ang pagbili ay humuhiling ng pagbabayad ng halaga.
2. Kung nais nating bigyang kaluguran ang Panginoon at tumayo para sa katotohanan, dapat tayong magbayad ng halaga—cf. Apoc. 3:18.
3. Kung ang ating puso ay handang tanggapin ang pag-ibig sa katotohanan at bilhin ang katotohanan sa anumang halaga, tayo ay pagpapalain—2 Tes. 2:10-11; Kaw. 23:23.

B. Ang dibinong katotohanan ay lubusan, at dapat tayong maging lubusan para sa katotohanan at tanganan ang pagiging lubusan ng katotohanan—Juan 14:6; 18:37; 3 Juan 3-4, 8:

1. Ang maging lubusan para sa katotohanan ay nangangahulugang isaisantabi ang mga damdamin, iwalang-bahala ang mga personal na kaugnayan, at hindi tumayo para sa sarili—Mat. 16:24-25; 1 Ped. 1:22.

2. Ang katotohanan ang namumukod-tanging pamantayan, at dapat tayong tumayo sa panig ng katotohanan upang salungatin ang ating sarili; ang pagtangan sa pagiging lubusan ng katotohanan ay possible lamang kung tayo ay naligtas mula sa ating sarili—Juan 8:32; 2 Juan 2; 3 Juan 3-4.
3. Dapat nating igalang ang katotohanan ng Diyos, tahakin ang daan ng katotohanan, at hindi ikompromiso ang katotohanan sa anumang paraan—2 Ped. 2:2.

C. Para sa pagpapasukdol ng dibinong ekonomiya, kailangan nating maging lubusan para sa kasalukuyang katotohanan—1:12:

1. Ang kasalukuyang katotohanan ay ang katotohanan na kasalukuyang nasa mga mananampalataya, na kanilang tinanggap at ngayon ay taglay-taglay—b. 12.
2. Ang kasalukuyang katotohanan ay kinapapalooban ng pahayag hinggil sa walang hanggang ekonomiya ng Diyos (Efe. 1:10; 3:9), ng Dibinong Trinidad (2 Cor. 13:14; Apoc. 1:4-5), ng persona at gawain ng nagpapaloob ng lahat na Kristo (Col. 2:9, 16-17; 3:11), ng napasukdol na Espiritung nagbibigay-buhay (Juan 7:39; 1 Cor. 15:45b; Apoc. 22:17), ng walang hanggang buhay ng Diyos (Juan 3:15-16), ng ekklesia bilang Katawan ni Kristo (Efe. 1:22-23), at ng Bagong Herusalem (Apoc. 21:2, 10-11).
3. Ang kasalukuyang katotohanan ay kinapapalooban ng mataas na rurok ng dibinong pahayag—ang pahayag na ang Diyos ay naging tao upang ang tao ay maging Diyos sa buhay at kalikasan ngunit hindi sa Pagka-Diyos—upang ibunga at itayo ang organikong Katawan ni Kristo para sa pagsasakatuparan ng ekonomiya ng Diyos upang isara ang kapanahunang ito at ibalik si Kristo upang itatag ang Kanyang kaharian—Juan 1:12-14; 1 Juan 3:1-2; Roma 8:3; 1:3-4; 12:4-5; Apoc. 11:15.

**III. "Ilawan [ni Jehovah] ang espiritu ng tao, / Na sumisiyasat ng kaloob-looban nito"—Kaw. 20:27:**

A. Ang espiritu ng tao ay ang ilawan ng Diyos sa loob ng tao—Mat. 25:1:

1. Ang liwanag na sumisinag sa loob ng naisilang na muling tao ay ang Diyos Mismo—1 Juan 1:5.
2. Kung paanong ang isang ilawan ay naglalaman ng liwanag at naghahayag nito, ang espiritu ng tao ay nillikha upang malamnan ng Diyos at ihayag Siya.
3. Upang suminag ang dibinong liwanag sa mga panloob na bahagi ng tao, dapat babaran ng Espiritu ng Diyos ang bilang langis (naihalo) sa espiritu ng tao bilang mitsa at "magningas" kasama ang espiritu ng tao—Roma 8:16; 12:11.
4. Kung tutugon tayo sa pagsinag ng espiritu, tayo ay lalakad ayon sa espiritu—8:4.

B. Ang Espiritu ng Diyos ay isa ring ilawan, na may pitong ulit na pagpapatindi sa Kanyang pagsinag—Apoc. 4:5:

1. Ang ating naisilang na muling espiritu ay isang ilawan na pinananahanan ng Espiritu ng Diyos, na isa ring ilawan.
2. Ang espiritu ng tao at ang Espiritu ng Diyos ay kapwa ilawan, magkasamang nililiwanagan ang mga panloob na bahagi—Kaw. 20:27; Apoc. 4:5.
3. Ninanais ng espiritu liwanagan ang bawat bahagi ng ating kaluluwa.

C. Kapag ineensayo natin ang ating espiritu upang manalangin nang wasto, may isang ilawan na nagliliwanag—Efe. 6:18; 1:17-18; 5:8-9:

1. Habang tayo ay nananalangin, ang ating espiritu ay nagpapangsyon bilang isang nagliliwanag na ilawan, sumisiyasat sa lahat ng bahagi ng ating kaluluwa—Kaw. 20:27.
2. Lalo nating ineensayo ang ating espiritu sa panalangin, lalo tayong naliliwanagan—2 Cor. 4:6:

a. Ang ilawan ay maaaring magliwanag sa ating mga kaisipan, mga damdamin, at pagpapasya.
b. Ang ating mga panloob na bahagi ay lubusang masisiyasat ng Panginoon—Awit 139:23-24.
3. Pagkatapos ng gayong panahon ng panalangin, madarama nating maliwanag at malinaw, puspos ng Diyos—Efe. 5:8-9.

**IV. "Ang iyong puso'y buong sikap mong ingatan, / Sapagkat mula rito'y dumadaloy ang mga bukal ng buhay"—Kaw. 4:23:**

A. Ang kaluluwa ay ang persona mismo, subalit ang puso ay ang persona sa pagkilos—Luc. 1:66; 2:19, 51; Gawa 11:23; Efe. 3:17; 1 Tes. 3:13:
1. Mayroon tayong isang bagay sa ating panloob na katauhan ang kumakatawan sa atin, at ang kinatawang ito ay ang ating puso—Luc. 6:45; Juan 16:22; 2 Cor. 3:16.
2. Ang kaugnayang taglay natin sa Diyos ay nakasalalay muna sa ating puso, sapagkat ang puso ang sangkap kung saan inihahayag natin ang ating sarili at kung saan tayo ay nagpapasya upang tumanggap o tumanggi sa mga bagay—Gawa 8:37; Roma 10:9-10.
3. Bagama't ang ating espiritu ay dalisay, ang naihahayag mula sa ating espiritu ay nakasalalay sa ating puso—2 Tes. 2:17; 3:5.

B. Ang puso ay ang pasukan at labasan sa ating buong katauhan—Mat. 13:19; 15:18-19:
1. Sa pamamagitan ng ating puso na ang ating totoong katauhan ay lumalabas sapagkat ang trapiko ng ating katauhan ay sa pamamagitan ng ating puso—Luc. 6:45.
2. Ang ating espiritu ay ang pinagmumulan na ating katauhan, subalit ang ating puso ang daanan, ang pasukan at labasan, kung saan ang trapiko sa ating katauhan ay dumaraan—Mat. 12:34-35.
3. Upang maging wastong Kristiyano, kailangan nating ensayuhin ang ating espiritu at bantayan ang ating puso sa pamamagitan ng pag-iingat dito nang may buong pagbabantay—Kaw. 4:23.

C. Ang salitang Hebreo na isinaling "ingatan" sa Kawikaan 4:23 ay nangangahulugang "bantayan":
1. Dapat nating bantayan ang ating puso nang higit sa lahat sapagkat mula dito ay mga bukal ng buhay.
2. *Ang mga bukal* sa Kawikaan 4:23 ay nagpapahiwatig ng mga pinagmumulan at mga balon gayundin mga bukal:
a. Ang mga bukal ng buhay ay ang mga pagdaloy ng buhay—cf. Juan 4:14.
b. Ang puso ay may kaugnayan sa mga pinagmumulan ng buhay, sa mga balon ng buhay, at mga bukal ng buhay—cf. Isa. 12:3.
c. Ang bukal, ang pinagmumulan, ng kung ano tayo, ng ating totoong katauhan, ay dumadaloy mula sa ating puso—cf. Juan 7:37-38.

D. Binabantayan natin ang ating puso sa pamamagitan ng pangangalaga sa ating puso at pagkakaroon ng isang masusing pagtutuos sa ating puso sa harap ng Pangninoon sa paraan ng buhay; lalo nating tinutuos ang ating puso, lalo nating binabantayan ang ating puso—Awit 26:2; 139:23-24; Kaw. 4:23; Roma 8:27; Apoc. 2:23; Mat. 13:18-23; 5:8.

E. Upang lumago para sa pagtatayo ng Diyos, kailangan nating ibigin ang Panginoon, makinig sa ating espiritu, at bantayan ang ating puso nang may buong pagbabantay upang manatili sa landas ng buhay—1 Ped. 1:8; 2:2, 5; 3:4, 15; Kaw. 21:2; 4:18-23; Deut. 10:12; Marcos 12:30.

**V. "Tinatakpan ng pag-ibig ang lahat ng pagsuway"—Kaw. 10:12b:**

A. "Ang [nagtatakip] ng kasalanan ay humahanap ng pagmamahalan, / ngunit ang nagpapaulit-ulit sa usapin ay naghihiwalay ng magkakaibigan"—17:9.
B. Ang magtakip ay pag-ibig; ang magsiwalat ay hindi pag-ibig—Sant. 5:20.
C. Ang pagtatakip ay nagdadala ng pagpapala, subalit ang pagsisiwalat ay nagdadala ng sumpa—Gen. 9:22-27:
   1. Yaong mga nagsisiwalat sa iba ay nagdurusa ng sumpa.
   2. Yaong mga nagtatakip ng mga kasalanan, depekto, at mga pagkukulang ng iba ay nagtatamasa ng pakinabang at nakatatanggap ng pagpapala.
D. "Ang pag-ibig ay nagtatakip ng lahat ng bagay" (1 Cor. 13:7a), hindi lamang mabubuting bagay bagkus maging ng masasamang bagay:
   1. "Kailangan matanto ng mga matanda na sa kanilang pagpapastol, dapat nilang takpan ang mga kasalanan ng iba, na hindi binibilang ang mga kasamaan ng iba"—*The Vital Groups,* p. 72:
      a. "Sinumang nagsisiwalat ng mga depekto, mga pagkukulang, at mga kasalanan ng mga sangkap ng ekklesia ay diskuwalipikado sa pagiging matanda"—p. 72.
      b. "Ang ating pagsisiwalat sa mga sangkap sa ilalim ng ating pagiging matanda, ng ating pagpapastol, ay nagpapawalang-bisa sa ating kuwalipikasyon"—p. 72.
   2. Kailangan nating pastulin ang iba ayon sa Diyos, kalakip ang pag-ibig na nagtatakip sa lahat ng pagsalansang—1 Ped. 5:2; Kaw. 10:12b.
E. "Na una sa lahat, ay maging maningas kayo sa inyong pag-iibigan, sapagkat ang pag-ibig ang nagtatakip ng maraming kasalanan"—1 Ped. 4:8.

*© 2020 Living Stream Ministry*